CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Setyembre 14, 2020
Pakikipag-ugnay: Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyon ng Komunidad, Parke, Libangan at Marina ng Long Beach, 562.570.3233, Jane.Grobaty@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Sentro ng Kalikasan sa El Dorado ay Nag-aalok ng Mga Detektib ng Kalikasan ng Programa sa Pagkatapos ng Eskuwela

Bukas sa Mga Mag-aaral Baitang K-5; Sumusunod ang Programa sa Mga Potokol ng Kaligtasan sa COVID-19

Long Beach, CA - Ang Long Beach Parke, Libangan at Marina (PRM, inisyal sa Ingles) ay nag-aalok ng isang programa sa pagkatapos ng eskuwela na kampo, na tinatawag na Mga Detektib ng Kalikasan, sa Sentro ng Kalikasan ng El Dorado (7550 E. Spring St.) simula Oktubre. Ang programa, para sa mga batang may edad 5 hanggang 10, ay sumusunod sa mas mababang mga ratio ng kawani-sa-kamper at iba pang mga pinahusay na protokol sa kaligtasan.

Dinisenyo upang pukawin ang isang interes sa kalikasan sa pamamagitan ng mga aktibidad na hands-on, ang Mga Detektib ng Kalikasan ay susunod sa isang kurikulum na tumutugma sa mga pamantayan sa antas para sa mga mag-aaral na nasa elementarya. Sa pamamagitan ng mga kasanayan sa pagmamasid at gabay na pagsasaliksik, ang mga nagkakamping ay gagawa ng mga bagong pagtuklas habang nagsasaliksik sa mga landas upang sagutin ang ilan sa mga nakapagtatakang katanungan sa kalikasan.

Ang apat na linggong mga kampo ay nagkakahalaga ng $80 bawat partisipante at magsisimula sa linggo ng Oktubre 6. Simula Martes, Setyembre 22, ang mga tao ay maaaring magparehistro para sa mga kampo online o sa personal mula 8:30 a.m. hanggang 4 p.m. sa Sentro ng Kalikasan ng El Dorado. Ang pagpaparehistro ay magpapatuloy hanggang mapuno ang mga kampo o hanggang Oktubre 6, alinman ang mauna. Ang pag-enrol ay dapat na tumutugma sa kasalukuyang antas ng grado ng partisipante, at ang kanilang araw ng kapanganakan ay dapat bago Setyembre 2, 2015.

Ang lahat ng mga sesyon ay magaganap sa Sentro ng Kalikasan ng El Dorado mula 2:30 p.m. hanggang 4 p.m. Ang mga sesyon ay naka-iskedyul tulad ng sumusunod:

- Kindergarten at unang baitang, Martes, Octubre 6,13, 20 at 27

- Pangalawa at ikatlong baitang, Miyerkules, Oktubre 7,14, 21 at 28
- Pang-apat at ikalimang baitang, Huwebes, Oktubre 8,15, 22 at 29

Mga protokol sa kaligtasan ay kinabibilangan ng:

- Mga pagsusuri ng kalusugan para sa mga partisipante at kawani.
- Paglimita ng bilang ng mga partisipante sa bawat kampo.
- Pagpapanatili ng 10:1 na ratio ng partisipante-sa-kawani.
- Pagpapatupad ng mga protokol sa pisikal na pagdistansya, kabilang ang pag-checkin at pag-checkout.
- Paglilinis at pagdidisimpekta ng mga pasilidad ng maraming beses bawat araw.
- Cleaning and sanitizing all high-touch areas frequently.
- Madalas na paglilinis at pagdidisimpekta ng lahat ng madalas na hawakan na mga ibabaw.
- Pangangailangan ng pagsuot ng mga panakip ng mukha para sa mga partisipante at kawani.

Bilang karagdagan sa programang ito, ang PRM ay nag-aalok ng murang gastos, nakabase-sa-parke na programa sa pagkatapos ng eskuwela para sa mga batang may edad 5 hanggang 12.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Detektib ng Kalikasan at iba pang mga programa sa pagkatapos ng eskuwela, ang mga residente ay maaaring tumawag sa 562.570.3150 o bumisita sa longbeach.gov/park/.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###